JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Mosunod sa Hustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan - Modyul 2, Ikalawang Linggo
## Kanais-nais na Kaugaliang Pilipino



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



## Alamin

Ang ating talino ay biyaya mula sa Diyos na nagagamit natin sa mga kapaki-pakinabang na paraan. Kaakibat sa gawaing ginagamitan ng talino ay ang ating pagiging malikhain.

Sa pamamagitan ng angkop na paggamit ng talino, makatutulong ang mga kabataang tulad ninyo, hindi lamang para sa kaunlaran ng bayan, kundi pati na rin sa buong daigdig.

Tatlo sa walong multiple intelligence ni Dr. Howard Gardner ay ang talino sa sining na nabibilang sa spatial-visual intelligence, pag-awit, na nabibilang sa musical intelligence, at pagsayaw na nabibilang naman sa bodily kinesthetic.

Sa panahon ng iyong kabataan nasasalamin ang inyong angking talino sa pag-awit, pagsayaw, at pagguhit. Ang araling ito ay gagabay sa inyo upang higit na mapayaman ang inyong kakayahan sa tatlong talinong nabanggit.

Sa modyul na ito, inaasahan na makakamit mo ang layunin:

- Nakapagpapamalas ng pagkamalikhain sa pagbuo ng mga sayaw, awit at sining gamit ang anumang multimedia o teknolohiya. **EsP5III-b-24**



## Subukin

Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang pangungusap at **MALI** kung hindi wasto. Isulat sa patlang bago ang bilang.

___________1. Ang ating mga talento ay biyaya ng Diyos.

___________2. Hindi na kailangan pang linangin ang ating mga talento.

___________3. Gamitin lagi ang talento sa lahat ng pagkakataon.

___________4. Dapat maging responsible sa paggamit ng angking talento.

___________5. Ang mga talento ay maaring mawala sa tao.

| Lesson 2 | Ating Pagkamalikhain, Ialay sa Kapuwa Natin |
|---|---|



## Balikan

Lagyan ng tsek (/) ang mga pangungusap na kaya mong isagawa bilang pagmamahal ng bayan.

1. Tinatangkilik ko ang mga produktong Pilipino.
2. Hindi ako nakikipag away.
3. Pinaghihiwalay ko ang mga basurang nabubulok at basurang di-nabubulok.
4. Iginagalang ko ang pagkanta ng Pambansang Awit ng Pilipinas.
5. Nagsisikap akong makatapos ng pag-aaral.



## Tuklasin

Bigyang pansin ang titik ng awitin sa ibaba. Gawin ang hinihiling

***Bahay Kubo***

*Bahay kubo, kahit munti*

*Ang halaman doon, ay sari-sari*

*Singkamas at talong, sigarilyas at mani.Sitaw, bataw, patani.*

*Kundol, patola, upo't kalabasa*

*At saka mayroon pang labanos, mustasa,sibuyas ,kamatis, bawang at luya. Sa paligid ligid ay puno ng linga.*



Gawin ang sumusunod:

1.Awitin ang bahay kubo ng maayos.

2.Pag-usapan ang awitin(mga magulang, mga nakakatandang kapatid o kaibigan)

3. Para sa iyo, ano ang magandang mensahe ng awit?



## Suriin

Basahin ang kwento ng isang pamilya kung paano nila nililinang ang kanilang mga talento at ang pagsuporta nila sa kakayahan ng bawat isa. Sagutin ang mga tanong.

**Isang Pamilyang Makasining**

Constancia Paloma

Kilala sa Barangay Sampaloc ang mag-anak na Gomez dahil sa kanilang talino sa sining. Madalas naaanyayahan ang mga mag-asawang Gomez sa mga kasiyahan, sapagkat pareho silang magaling umawit at sumayaw. Si G. Gomez naman ay binibiro pa ng kaniyang mga kaibigan na Ginoong Pinagpala dahil bukod pa sa kaniyang galing sa pagsayaw at pag-awit ay magaling din siyang gumuhit.

Isang araw, nag-anunsiyo ang kapitan ng barangay na magdaraos ng paligsahan sa iba't ibang talento para sa mga kabataang edad pito hanggang labintatlo. Maraming nakuhang isponsor ang barangay kaya malaki ang premyo. Tamang-tama naman sa tatlong anak ng mag-asawang Gomez, dalawa sa kanilang mga anak ay nanalo na sa kani-kanilang paaralan sa iba't ibang paligsahan sa sining. Si Rico, ang panganay, ay magaling sumayaw at si Rica naman ay magaling umawit. Ang bunso na si Maya, pitong taong gulang, ay pagguhit. Dahil dito, sinabihan ng mag-asawa ang kanilang bunso na sumali na rin sa paligsahan ng barangay, subalit agad itong tumanggi sapagkat hindi pa niya nararanasang sumali sa kahit na anong paligsahan.

"Ano kaya ang gagawin natin sa ating bunso?" may pag-aalala ang tinig ng nanay. "Alalayan muna natin at kuwentuhan natin siya ukol sa

kahalagahan sa paggamit ng talentong ibinigay sa kaniya ng Diyos," ang mungkahi ng ama.

Niyaya ng mag-asawa ang bunsong anak sa isang lugar na maraming ibon sa paligid at may malaking aquarium na may iba't ibang isda. "Tingnan mo ang mga ibon at isda, anak. Pare-pareho ba sila ng ginagawa? Pare-pareho ba sila ng kakayahan?" ang tanong ng ama kay Maya. "Hindi po," ang sagot naman ng anak. "Nakatutulong ba ang mga ito sa atin?" "Opo," ang sagot ni Maya habang tinitigan ang mga hayop na binabanggit ng ama.

"Ikaw din ay binigyan ng Diyos ng talento na kakaiba sa mga kapatid mo. Dahil bigay sa atin ng Diyos ang mga talento, may pananagutan tayong ito ay pagyamanin at gamitin para sa iba. Ang ating talento ay magagamit natin sa kapaki-pakinabang at malikhaing gawain, at ang bunga nito ay ang pag-unlad ng talento natin na makatutulong sa kaunlaran ng tahanan,pamayanan, at daigdig."

"O, ano, sasali ka na rin sa paligsahan, anak?" tanong ng ina. "Huwag kang matakot, anak, sa simula lang mahirap. "Pag nasanay kana, matutulad karin sa kuya at ate mo na nananalo sa mga paligsahan."

"O sige po, pag uwi ko sa bahay, magsasanay na ako sa pagguhit," ang tugon ng bunso nilang anak na si Maya.

Sumali nga sa paligsahan sa sining ang tatlong mga bata. Si Roco sa pagsayaw, Si Rica sa pag-awit, at si Maya sa pagguhit. Dahil tinutukan ng mag-asawa ang pagsasanay ng kanilang tatlong anak, pare-parehong nanalo ang mga ito. Ang dalawang mas matanda ay pareparehong unang gantimpala, at si Maya, dahil unang pagkakataon pa lamang niyang sumali at medyo may alinlangan pa sa kaniyang talento sa pagguhit, ay nakakuha lamang ng ikalimang puwesto.

"Di bale, mula ngayon, magsasanay na ako. Sa susunod, unang gantimpala ang makukuha ko."

"Diyan ka magaling!" ang sabay-sabay na sigaw at tawanan ng buong mag-anak. Makukuha ko."

Sagutin ang sumusunod ng tanong.

1. Bakit kilala sa kanilang barangay ang Pamilya Gomez?
2. Ano-ano ang talentong angkin ng mag-anak?
3. Ano ang naging suliranin ng pamilya ukol kay Maya?

**Ating Pananagutan ang Paglinang sa Ating Angking Talento**

Ayon sa napag-aralang kuwento, ating pananagutan na pagyamanin o linangin ang ating mga talento. Maraming mga paraan upang malinang o mapagyaman ang mga talentong bigay sa atin ng Diyos.

1. Ipagpatuloy ang pag-alam ng iba mo pang mga talentong namana mo sa iyong mga magulang at natutuhan mo sa iyong mga guro at mga nakasalamuha mo sa tahanan, paaralan, simbahan, at pamayanan. Sikaping gawin ang pagpapahayag ng mga talento hindi lamang sa sariling kapakanan kundi para sa kabutihan ng lahat.
2. Maging gawi ang pakikibahagi ng iyong mga talento sa mga proyektong nakapag-papabuti sa kapuwa.
3. Lumahok sa mga paligsahang makatutulong upang lalong mahasa ang iyong mga talento. Samantalahin din ang iyong pagsali sa mga paligsahan upang magkaroon ka ng mga bagong kaibigan.
4. Maging mapagkumbaba sa pagtanggap ng mga karangalan o mga papuri ng ibang tao o samahan.
5. Higit sa lahat, maging responsable sa paggamit o pagpapakita ng iyong mga talento.

Sagutin ang mga sumusunod:

1.Paano maipamalas ng mga tao ang pagiging malikhain?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2.Ano-ano ang ginagawa mo upang malinang ang iyong talento?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

3.Ano pang ibang talento ang nais mong taglayin?Paano mo ito magagawa?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________



# Pagyamanin

**A.** Awitin at bigyang pansin ang mensahe.

**Ang Pipit**

Levi Celerio

May pumukol sa Pipit sa sanga ng isang kahoy
At nahagip ng bato ang pakpak ng munting ibon
Dahil sa sakit, di na nakaya pang lumipad
At ang nangyari ay nahulog ngunit parang taong bumigkas
Mamang kay lupit, ang puso mo'y di na nahahabag
Pagpumanaw ang buhay ko, may isang pipit na iiyak
May isang pipit na iiyak, may isang pipit na iiyak

**B**.Gumawa ng isang pagguhit ukol sa nilalaman ng awit.

## Isaisip

Basahin ang mga sitwasyon at sabihin kung paano maipakikita ang pagkamalikhain o malilinang ang iyong talento. Isulat ang iyong sagot.

1. Nagpapatulong sa iyo sa paggawa ng saranggola ang iyong nakababatang kapatid. Gusto mo siyang tulungan magkaroon ng saranggola ngunit nanghihinayan ka sa perang ipambibili mo ng papel de hapon. Ang pera ay puwede nang pambaon ninyong dalawa sa pagpasok sa paaralan. May nakita kang mga lumang diyaryo sa inyong bakuran. Paano mo magagamit ang iyong pagkamalikhain.



2. Napansin mo na hindi gaanong mataba ang napunta sa iyong lupang pagtataniman ng gulay para sa inyong proyekto sa paaralan tungkol sa paghahardin. Kinabukasan, pagpasok mo sa paaralan ay napansin mo sa isang gilid ng bakuran ng paaralan ay may tumpok ng mga nabubulok na dahon na naipon. Paano mo maipakikita ang pagkamalikhain sa paglutas sa iyong suliranin sa paghahardin?

3. Pambato ka ng iyong paaralan sa tuwing may paligsahan sa pag-awit. Ngunit kapag nasa labas ka ng paaralan, hindi mo na nagagamit ang husay mo sa pagkanta. Minsan nagsimba ka sa kapilya sa inyong lugar, napansin mo na walang koro na kumakanta sa misa. Paano mo maibabahagi ang iyong talento sa pag-awit.



## Isagawa

**Gawain**: Lumikha ng isang plano kung paano higit na malilinang ang iyong mga talento.

| Mga Talento | Paraan ng Paglinang | Pananagutan |
|---|---|---|
| Halimbawa: Pagsasayaw | Madalas na pagsali sa mga paligsahan o programa sa paaralan na may pagsasayaw | Huwag kalimutang may iba ka pang pananagutan bilang bahagin ng pamilya, paaralan, at komunidad. |
| 1. | | |
| 2. | | |

# Tayahin

Isulat ang **<u>Oo</u>** kung ito ay nagpapakita ng pagkamalikhain at **<u>hindi</u>** naman kung hindi nagpapakita.

1. Batang nagtiktok gamit ang kanyang *cellphone.*



2. Babae na nakatayo lamang habang ang kanyang ka grupo ay nagsasanay ng kanilang sayaw.
3. Dalawang batang lalaki na kumanta sa *facebook* gamit ng app na Smule.
4. Magsasaka na nagsasayaw gamit ang kanyang *cellphone* habang nagpapahinga.
5. Pangkat ng kabataan na nagla*live* sa *facebook* na gumagawa ng *poster* sa plasa.
6. Nanay na nagba-vlog na gumagawa ng panibagong putahe mula sa natirang ulam.
7. Dalawang magkaibigan na nag-uusap sa *messenger* tungkol sa paggawa ng awit.
8. Binatang hindi sumali sa pagkanta kahit ka grupo nya'y sanay na sa pag-awit.
9. Labanderang kumakanta habang naglalaba na nakita sa *facebook*.



10. Negosyanteng kumakanta at sumasayaw habang namimigay ng bonus sa empleyado na nai- *feature* sa isang sikat ng programa ng telebisyon

# Karagdagang Gawain

Sumulat ng isang pasasalamat sa Diyos sa mga talentong ibinigay sa iyo at ihayag ang iyong mga pangako kung paano mo mapagyayaman ito.

________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

## Gabay sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Tama
9. Mali
10. Tama

**Suriin**

Ang mga sagot ay mag kakaiba-iba

**Pagyayamanin**

Ang mga sagot ay mag kakaiba-iba

**Isaisip**

Ang mga sagot ay mag kakaiba-iba

**Isagawa**

Ang mga sagot ay mag kakaiba-iba

**Tayahin**

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo
6. Oo
7. Oo
8. Hindi
9. Oo
10. Oo

## *Sanggunian*

**Libro**

Ylarde, Z. at Peralta, G. "Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon", 2016, 117-123

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: MAYFLOR S. TANO**
Teacher III, Sto. Nino Elementary School
City West District, Pagadian City Division
**Editor: JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP
**Tagapamahala: DANNY B. CORDOVA,CESO VI**
OIC-Schools Division Superintendent
**Ma. Colleen Emoricha, Ed.D**, OIC-ASDS
**MARIA DIOSA Z. PERALTA**,CID-CHIEF
**MA.MADELINE P. MITUDA**,EdD,EPSA-LRMDS
**JOVITA S. DUGENIA**,EPS-ESP

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.